

## Ang Pagkalikha Sa Tao

(Genesis 1-2:3)

Ang Diyos ang lumikha ng lahat at ang lahat ng Kanyang nilikha ay nagbigay ng kasiyahan sa Kanya. Nilikha ng Diyos ang liwanag, ang langit, lupa, dagat at lahat ng uri ng tumutubong halamang nagkakabinhi at namumunga. Nilikha rin Niya ang araw, buwan, mga bituin, lahat ng mga bagay na nabubuhay sa dagat at mga ibon sa himpapawid. Noong ika-anim na araw ay nilikha ng Diyos ang lahat ng uri ng hayop sa lupa at ang tao.



Sinabi ng Diyos "Likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis." Ang tao ay nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin na punuin ang mundo, at pamahalaan ang lahat ng Kanyang nilikha

Tunay na kahanga-hanga at bukod-tangi ang pagkalikha ng Diyos sa tao kaya naman binigyan din siya ng talino, damdamin at kakayahang magpasiya. Kapansin-pansin din ang pagiging malikhain ng tao.

Makikita natin na ang tao ay may kakanyahan - iba't ibang anyo, iba't ibang kulay, iba't ibang panglabas at pangloob na katangian. Ang lahat ng ito ay tinanggap niya mula sa Diyos.

Iba't - iba man ang ating panlabas at panloob na katangian, talino, kakayahan at talento dapat tayong maging mapagpasalamat sa Diyos dahil tayo ay nilikha Niya ayon sa Kanyang wangis.

Ang pagiging malikhain ng Diyos ay kapansin-pansin. May iba't-ibang uri at itsura ng mga hayop at halaman. Gaya ng mga hayop at halaman ang taong nilikha ng Diyos ay bukod tangi. Unique ang bawat isa, iba't-iba ang katangian at kakayahan. Subalit mayroon tayong pagkakatulad, lahat tayo ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos.

